# Na ang Sugo ng Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay dumating sa kanya ang isang babae at nagsabi: Tunay na iniaalok ko aking sarili sa iyo:Tumindig siya ng matagal,Nagsabi ang isang lalaki: O Sugo ni Allah,ipaasawa mo siya sa akin,kung wala kang pagkagusto sa kanya.Nagsabi siya:Mayroon kabang ilang bagay na ipag-kakawanggawa mo sa kanya?Ang sabi niya:Walang-wala ako,maliban sa sarong na ito,Nagsabi ang Sugo ng Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ang sarong mo,kapag ibinigay mo ito,uupo ka na wala kang sarong,Maghanap ka ng kahit na anong bagay,Sinabi niya: Wala akong natagpuan,Nagsabi siya: Maghanap ka kahit singsing na yari sa bakal,Naghanap siya ngunit wala siyang natagpuan.Nagsabi ang Sugo ng Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Mayroon kabang naisa-ulo mula sa Qura-an?Sinabi niya: Oo,Nagsabi ang Sugo ng Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:-Ipinapa-asawa kita sa kanya sa mga naisa-ulo mo mula sa Qur-an))

Na ang Sugo ng Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay dumating sa kanya ang isang babae at nagsabi: Tunay na iniaalok ko aking sarili sa iyo:Tumindig siya ng matagal,Nagsabi ang isang lalaki: O Sugo ni Allah,ipaasawa mo siya sa akin,kung wala kang nararamdaman sa kanya.Nagsabi siya:Mayroon kabang ilang bagay na maibibigay mo (Dore) sa kanya?Ang sabi niya:Walang-wala ako,maliban sa sarong na ito,Nagsabi ang Sugo ng Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ang sarong mo,kapag ibinigay

mo ito,uupo ka na wala kang sarong,Maghanap ka ng kahit na anong bagay,Sinabi niya: Wala akong natagpuan,Nagsabi siya: Maghanap ka kahit singsing na yari sa bakal,Naghanap siya ngunit wala siyang natagpuan.Nagsabi ang Sugo ng Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Mayroon kabang naisa-ulo mula sa Qura-an?Sinabi niya: Oo,Nagsabi ang Sugo ng Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:-Ipinapa-asawa kita sa kanya sa mga naisa-ulo mo mula sa Qur-an))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Pinagtatanto ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang mga Panuntunan na sa kanya lamang at wala ito sa iba kabilang rito:Pag-aasawa niya sa sinumang (babaeng) mag-alok sa sarili niya na walang Dore,Dumating ang isang babae na iniaalok ang sarili niya sa kanya,marahil ay mapabilang siya sa isa mga asawa niya,Tiningnan niya ito ngunit wala siyang naramdaman sa sarili nito,ngunit hindi niya ito tinanggihan upang hindi siya mapahiya, ipinakilala niya ito at umupo siya,Sinabi ng isang lalaki:O Sugo ni Allah,ipa-asawa mo siya sa akin kung wala kang nararamdaman sa kanya,At dahil sa ang dore ay nararapat sa pag-aasawa,nagsabi siya sa kanya:Mayroon kabang ilang bagay na maibibigay mo (Dore) sa kanya?Ang sabi niya:Walang-wala ako,maliban sa sarong ko.At kapag ibinigay niya ang sarong niya mananatili siyang nakahubad na walang suot na sarong,Kung kaya`t;sinabi niya sa kanya: "Maghanap ka kahit na singsing na yari sa bakal" Kaya`t nang wala siyang natagpuan na kahit anumang bagay mula sa kanya,nagsabi siya: "Mayroon kabang naisa-ulo mula sa Qura-an?Sinabi niya: Oo,Nagsabi siya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:-Ipinapa-asawa kita sa kanya sa mga naisa-ulo mo mula sa Qur-an,ituturo mo ito sa kanya,at magiging dore niya ito.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee